

1

Burnout.

Iyon ang eksaktong nararamdaman niya. Jeremy had been sitting on his chair for hours staring outside his penthouse window. At thirty-four, na-accomplish na yata niyang lahat ang goals niya sa buhay. He had his own business, billions in his bank account, all the pretty girls in the neighborhood... Malayo na ang narating niya and yet, there was restlessness inside him, a yearning he could not name. Bottom line, he had the world on his palm and yet he was not happy.

Bumukas ang pinto ng kanyang penthouse at pumasok ang isang babae.

“There you are,” anitong nakangiti. Ipinatong nito sa mesa ang isang bote ng *Dom Perignon* at dalawang wineglass. “Kanina pa kita hinahanap. Bigla ka na lang umalis sa party.”

It was his thirty-fourth birthday. Binigyan siya ng isang surprise party ng kanyang mga kaibigan at ilang business associates. Ginawa iyon sa function hall ng mismong hotel na pag-aari niya.

“I brought us this.” Binuksan ni Elle ang bote ng

champagne at nagsalin sa dalawang kopita. “I hope you don’t mind.” Mapang-akit ang ngiti nito nang iabot sa kanya ang isang wineglass. They shared a toast at sabay pang sumimsim. Ibinaba ni Elle ang hawak sa mesa. Umupo ito sa kandungan niya at pinagkrus ang dalawang hita. Nalilis ang laylayan ng maikling cocktail dress nito. He put his glass down, too. His hand automatically skimmed her smooth flesh.

Elle was his current fling, a beautiful stylist in her late twenties. Nakilala niya ito sa isang social function. She had her eyes on him the moment he entered the room. After a few glasses of martinis and some subtle flirting, he took her to his bed and made her wild fantasies come true.

“Hmm... I love it when you touch me like that,” she purred. Nagsimula itong halikan siya sa likod ng tainga, sa leeg at pababa pa habang isa-isang kinakalas ang butones ng kanyang polo. Pumaikot ang kanyang kamay sa likod ng babae at ibinaba ang zipper ng damit nito. Wala itong bra kaya kaagad na humantad sa kanya ang dibdib nito nang maibaba niya ang suot nito.

“And I love it when you dress so scantily for me,” he drawled. She giggled seductively. She straddled

him. He could feel her smooth core against his crotch. Ngunit hindi kaagad nag-react ang parteng iyon ng katawan niya. Hindi siya madaling ma-arouse.

But Elle had a few tricks of her own to get him heated up. Matapos siyang bigyan nito ng isang malalim na halik sa labi ay umalis ito sa kandungan niya at lumuhod sa pagitan ng kanyang mga hita. Her fingers undid his belt buckle pati na ang butones at zipper ng kanyang pantalon. She smiled wickedly when she freed his manhood from its confines.

Ilang sandali pa ay umuungol na siya dahil sa ginagawa nito.

As confident and as skilled Elle was at pleasuring him, eventually, he knew he would grow tired of her and let her go.

Nangangawit na ang panga ni Vivian sa kangingiti. Ang hirap lang magpakita ng pekeng tuwa sa harap pa mandin ng maraming tao. She'd rather stay inside her room with a good book than mingle with all the poker-faced socialites. Mabibilang sa daliri ang mga mukhang kilala niya. Curiosity lang ang nagtulak sa karamihan ng mga narito para um-attend sa engagement party niya. They were just

curious kung sino ang nakabihag sa mapaglarong puso ni Kevin Miranda.

Napapagod na siyang talaga. Bukod sa hindi siya komportable sa suot niyang gown at nangangalay na siya sa kaiikot sa buong function room, naiilang na siya sa ingay at tawanan ng mga tao. Ngunit ayaw pa ring bitiwang ni Kevin ang kanyang kamay kahit kanina pa siya bumubulong ditong gusto na niyang magpahinga.

“This is our engagement party, Vie. Ano na lang ang sasabihin ng mga tao kapag umalis ka sa tabi ko?”

Na sapilitan lang ang kasal na ito. Na ayoko naman talagang magpakasal sa 'yo dahil hindi kita mahal.

It would give her immense pleasure to blurt out those words. Ngunit dahil pangalan ng daddy niya ang malalagay sa kahihayan, she just kept the words to herself.

It turned out as a big shock to her nang sabihin nitong malaki ang pagkakautang nito kay Kevin. At dahil hindi nito kayang bayaran iyon sa itinakdang palugit, siya na lamang ang hininging kapalit ng binata. Her father reluctantly agreed. At dahil isa rin siyang masunuring anak at gusto niyang tulungan

ang ama, hindi na rin siya tumutol sa pakiusap nito.

Cliché.

At least, I'm worth twenty million pesos, tuya niya sa sarili.

Bumuntong-hininga siya nang malalim, bagay na nagpalingon kay Kevin.

“What’s wrong?” Gusto niya itong angilan. Hindi lang kayabangan ang taglay nitong trait. Numero uno rin itong manhid at walang konsiderasyon.

“I’m really tired, Kevin,” eksaherado niyang sabi. “P’wede bang umakyat na muna ako sa suite para magpahinga? Namamanhid na talaga ang mga paa ko.”

Bahagyang naningkit ang mga mata nito. Hindi nito nagustuhan ang sinabi niya, pero wala na siyang pakialam. She really wanted to get away from the crowd and from him.

“Okay, sige, ihahatid na kita.”

Pinigil niya ito. “No. Alam ko naman kung nasaan ang suite. Ako na lang.”

Para hindi na ito magreklamo at magpumilit pa, she tiptoed and gave him a quick peck on the cheek

hustong nakita niyang tumutok sa kanila ang lens ng isa sa mga TV cameras na naroon. It was just for show, na halatang nagustuhan ng lalaki. Hindi na ito tumutol nang lumabas siyang mag-isa.

Sa elevator ay isinandal ni Vivian ang likod sa metal wall. She felt so lost and so frustrated. It felt difficult to breathe inside the small space. Paglabas niya sa lift ay mabilis niyang hinanap ang suite nila. Pagliko niya sa pasilyo ay nakabunggo niya ang isang lalaking kalalabas lang sa isang kuwarto. She barely stared at him and just muttered an apology. Nanginginig ang mga daliring pinadaan niya ang key card sa electronic lock at mabilis na pumasok. Lingid sa kanya ay nilingon pa siya ng lalaking nakabunggo niya.

Humihingal na naupo si Vie sa ibabaw ng kama. Hindi niya mapigilang umiyak. Dalawang buwan mula sa gabing iyon ay ikakasal na siya, sa isang lalaking hindi niya lubusang kilala. Someone she didn't even like.

When she was younger, she would always dream of a handsome prince who'd come galloping on a white horse to sweep her off her feet, take her to a faraway castle and live happily ever after.

Well, there would be no prince for her this time.

No castle and a happy ever after, either. Malaki ang ipinagkaiba ng fairy tale sa totoong buhay. At wala siya sa loob ng isang fairy tale book.

Wiping the tears from her face, she stood up. Naglabas siya ng damit mula sa overnight bag na bitbit niya. She was supposed to spend the night there. Ipina-reserve iyon ni Kevin para sa kanya. Pero duda siya kung siya lang ang matutulog doon. She didn't trust her fiancé enough to believe him. Alam niyang may pinaplano ito, lalo at opisyal na ang engagement nila.

Ibinaba niya ang zipper ng gown at mabilisang nagpalit. Habang ibinubutones niya ang blouse ay kuminang sa tama ng ilaw ang diamond solitaire engagement ring na kanina lang ay isinuot sa kanya ni Kevin sa harap ng maraming tao. She hated that ring. It was a reminder of the miserable life she was about to have. Hinubad niya iyon at isinilid sa bulsa ng kanyang overnight bag.

Matapos masigurong wala nang makakakilala sa ayos niya ay maingat siyang lumabas ng silid at sumakay ng elevator. Ikinubli niya sa rim ng bull cap ang kanyang mukha. Paglabas sa lobby ay derecho siya kaagad sa labas. Sumakay siya sa naunang taxi na nakapila at nagpahatid sa bahay nila. Pagdating

doon ay nagkulong siya sa kuwarto at pinilit na makatulog. Alam niyang sa oras na malaman ni Kevin na wala siya sa hotel ay susugurin siya nito bukas para komprontahin. Pero bukas na niya poproblemahin iyon. Mag-iipon muna siya ng lakas para sa paghaharap nila.

Mahihiga na siya nang masulyapan ang larawan ng ina. Wala sa sariling dinampot niya iyon. Bata pa ang mommy niya sa picture. Suot pa nito ang uniporme ng isang flight attendant.

Napangiti siya. Sampung taon lamang siya nang mamatay ito. But she remembered her mother very well. Sa tuwing uuwi ito galing sa isa sa mga biyahe nito, she would always tell her stories of her travels, of the fascinating countries and places she had been to. Sa apat na sulok ng kanyang silid, nakita niya ang buong mundo sa mga mata ng kanyang ina. Ipinangako niya sa sarili na isang araw ay lilibutin din niya pinakapaborito nitong lugar sa buong mundo, ang Ireland.

Why not? bigla niyang naisip. Kaysa magkulong lang siya sa loob ng bahay at hintayin ang pagsapit ng kasal niya, magbibiyahe na lamang siya. Pinag-resign na siya ni Kevin sa trabaho niya sa kompanya ng kanyang ama. Wala siyang ibang gagawin. Wala

sigurong masama kung palalayain niya ang kanyang adventurous side sa una't huling pagkakataon.

Excited na tinawagan niya si Polly, ang best friend niyang hindi rin sang-ayon sa kasalan nila ni Kevin. Sinabi niya rito ang kanyang plano. Hindi pa man siya natatapos ay excited na ito sa balak niya. Tutulungan daw siya nito. Nang gabing iyon ay nakatulog siyang may ngiti sa mga labi. She couldn't wait to go to Dublin.

Kinabukasan, maaga pa lamang ay narinig na niya ang tinig ni Kevin na kausap ang kanyang ama. Nagsusumbong ito. Segundo lang ay ipinatawag na siya ng matanda sa isang katulong. Walang-imik siyang sumunod.

“Vivian, ano itong sinabi ni Kevin na tumakas ka daw sa engagement party ninyo kagabi?” usisa ni Mr. Dindo Perales.

She shrugged her shoulders and acted as casual as she could. “I was tired. Gusto ko nang matulog.”

“Nagpa-reserve ako ng isang suite para sa 'yo,” anang fiancé niya.

“The bed was uncomfortable.”

Nagtagis ang mga bagang nito at matalim siyang

tinitigan. Ayaw na ayaw ni Kevin na tinatapakan ng kahit sinuman ang ego nito. Lalong ayaw nitong nalalamangan ng iba.

“Vivian, magiging mag-asawa na kayo. Dapat ay sumusunod ka sa lahat ng gusto ni Kevin.”

“You’re right, Dad. *Magiging* mag-asawa pa lang kami. And until then, I’m still a free woman. Inalisan mo na nga ako ng kalayaan sa nalalabing taon ng buhay ko, pati ba naman ang ilang araw na nalalabi bago ang kasal ay aalisin n’yo pa rin sa akin?”

“Vivian...”

“Look, Daddy, Kevin... I already agreed to this marriage kahit pa labag ito sa loob ko. At hindi ko kayo ipapahiya sa matataas na tao sa lipunan na gusto ninyong paluguran.”

Bahagyang napayuko ang kanyang ama sa simpleng sumbat na iyon. Kahit paano, na-guilty rin siya. Batid niyang napilitan lang din ito na ipakasal siya kay Kevin.

“I just want the comfort of my own room, malaking kasalanan na ba iyon? P’wede bang ibigay n’yo naman sa akin ang nalalabing araw ng pagiging dalaga ko? Please?”

“This is ridiculous!” inis na bulalas ni Kevin.

“What, can’t trust your wife-to-be? Is it so hard to grant the wish of the woman whom you’ve professed your love to just the other night?”

Batid niyang tumagos sa maliit na utak ng binata ang mga salita niya.

“Okay. Hindi kita pakikialaman hangga’t hindi pa tayo kasal. But I’m warning you, Vie, kapag may ginawa kang makakasira sa pangalan ko, you and your father will pay for it. Maliwanag ba?”

Malapad siyang ngumiti. Her unaffected behavior made him angrier. Pero dahil nakapagbigay na ito ng salita ay wala na rin itong nagawa.

“Maliwanag pa sa sikat ng araw, Darling.” The endearment was added as an insult. Lalong nagsalubong ang mga kilay nito.

2

Kasalukuyang binabasa ni Jeremy ang isang set ng papeles nang tumawag ang kanyang assistant na si Trevor sa kanyang private line.

“This better be good, Trevor.”

He could imagine his best friend slash assistant rolling his eyes. Nasa Spain ito dahil matagal na siyang humihingi ng appointment sa isang hotel owner doon, si Don Cesario Esperanto. Kailan lang ay in-announce ng hotel magnate na ibebenta na nito ang lumang hotel nito sa Asturias, ang *La Precioso Uno*. Matagal na niyang gustong bilhin ang property na iyon. Bukod sa maganda ang location at malaki ang potential nito para maging isang world-class establishment, may sentimental value rin ang naturang lugar para sa kanya.

“May good news at bad news ako sa 'yo,” anang assistant at kaibigan niya. “The bad news first. Hindi pumayag si Don Cesario sa hinihingi mong appointment.”

Inaasahan na niya iyon. Nakailang tawag at emails na ba siya rito? But the elusive old man hadn't

replied, not even once. Pagod na isinandal niya ang ulo sa upuan.

“What about the good news?” matamlay na tanong niya.

“He invited you to stay with him in his farmhouse, sa Ireland,” sagot nito.

“Ireland?”

“Yup. As a matter of fact, papunta na siya sa Dublin bukas. He scheduled a dinner party at his newly acquired mansion sa...” He took down the address Trevor dictated.

“Why there? Bakit hindi na lang sa Spain?”

“Beats me,” sagot ni Trevor. He smoothed a deep frown with his fingers. “Mukhang hindi lang ikaw ang inimbata niya. Two other prospective buyers were also invited. You better be prepared, Jeremy. We don’t know what goes on inside that eccentric brain of his. My personal guess, he wants to give you some sort of a test.”

“That’s absurd,” reklamo niya. Anong klaseng test naman ang ibibigay nito sa kanila?

“Wala tayong magagawa. It’s his property.”

“So I have to fly to Dublin and impress him.”

“Right.”

He took a mental note of his work schedule. Puwede siyang magbakasyon ng hanggang dalawang linggo. Hindi na siya puwedeng mawala pa sa opisina nang higit doon. Hindi kasi siya kampante na idine-delegate lang sa mga tauhan ang trabaho.

“Looks like I have no choice. I’ll book a flight to Dublin right away. May iba ka pa bang sasabihin?”

Tumikhim muna si Trevor. “Ah, Boss—”

Base sa tono nito, nahulaan na niya ang nais nitong hilingin. “The answer is *no*. I need you here *ASAP*, Trevor.”

“Pero, Boss naman...” angal nito. Matagal na itong humihiling ng bakasyon.

“Pinagbigyan na kitang pumunta ng Spain. Aba’y sobra-sobra na ang isang linggong inilagi mo diyan.”

“I came here for business, Jeremy. In case you have forgotten.”

Humalakhak siya. “Business, my ass! Gaano ba kahirap kausapin ang isang matanda?”

The other man groaned. “Itatanong ko rin iyan

sa 'yo kapag nakaharap mo siya. God, hindi ko alam kung may dementia na ang matandang iyon or he's just plain weird!"

"Catch the first trip home, Trevor. That's an order. Kung aalis ako, I need you here at the office. Alam mong ikaw ang second-in-command ko," nakatawa pa ring utos niya. Hindi siya natatakot na ma-offend ito. Kilala na siya nitong workaholic. At kayang sakyan ni Trevor ang ugali niya.

"I swear, Jeremy... One day you'll be the death of me."

Tinawanan lang niya ang sinabi ng kaibigan.

Pagkatapos niya itong kausapin ay tinawagan niya ang suki niyang travel agency. Kaagad siyang nagpa-book ng flight patungong Dublin.

Vie wanted to squeal. Pagpasok pa lang sa eroplano ay gusto na niyang maglulundag sa tuwa.

I can't believe I'm doing this!

Dahil sa tulong ni Polly, mabilis siyang nakakuha ng tourist visa papuntang Ireland. With her flight already scheduled, alibi na lang ang kailangan niya. At ano pa nga ba ang pinaka-convincing na alibi kundi

ang *I'm-going-out-with-my-friend* type. At dahil kilala ng daddy niya si Polly, hindi man lang ito naghinala.

Ganoonpaman, naging maingat pa rin siya. Wala kasi siyang tiwala kay Kevin. Hindi niya mabura sa isip ang munting tinig na nagbubulong na binabantayan nito ang bawat kilos niya. Thankfully, nakarating sila ni Polly sa airport at nakasakay siya ng eroplano nang walang humahabol sa kanya.

Nang makita ang kanyang seat number ay kaagad na siyang naupo. By now, alam na ng daddy niya na nawawala siya. Isang sulat ang iniabot niya kay Polly, na ibibigay nito sa kanyang ama oras na nasa ere na ang eroplano. Nakasaad doon na magbabakasyon siya ng dalawang linggo. Hindi na niya sinabi kung saan. Nangako siyang babalik bago pa ang kasal nila ni Kevin.

Nakailaw na ang 'fasten seat belt' sign. Nagsimula na rin ang inflight passenger announcements. Ilang sandali pa ay nasa himpapawid na sila.

Vie settled on her seat comfortably. Patungong Hong Kong ang *Philippine Airlines* flight na sinakyan niya. May mahigit isang oras silang stopover doon bago lumulan sa isang *British Airline* flight patungong Heathrow, London. And from there, they would need to transfer to another flight bound for Dublin. Mahigit

twenty hours din ang ibibiyaha nila. Pero natitiyak niyang masusulit ang mahabang biyahe pagtapak niya sa Ireland. She intended to make this adventure a memorable one.

Ilang minuto pa lamang silang nakakaalis ng Hong Kong nang mapansin niya ang isang pasaherong nakaupo sa unahan. Tumayo ito para magpunta sa lavatory. Ang magandang height at ang matikas na tayo nito ang unang kumuha ng kanyang pansin. Napigil niya ang hininga nang umangat sa mukha nito ang paningin niya. Sandali lang niya itong napagmasdan.

Ngunit sapat iyon para tumatak sa isip niya ang facial features nito. The long, angular face, patrician nose, the proud chin and cynical brows... The short, sideswept black mane, those perfectly coiffed strands that would make fingers itch to run through them, added to his smoldering appeal.

She couldn't figure out the color of his eyes, though. Pero sigurado siyang maganda rin ang kulay ng mga iyon, as is with the rest of him. The man was severely handsome in his own way.

Napayuko siya nang mapatapat ito sa kanya. But she caught a whiff of expensive masculine cologne. Napansin din niya ang *Rolex* watch na suot nito. Pati

na ang gintong singsing na nasa middle finger nito. It wasn't a wedding ring, thank God! But it must've cost a fortune! Kunsabagay, mukha namang mayaman ang binata. Not just rich but filthy rich.

Pasimple niya itong sinundan ng tingin hanggang sa pumasok ito ng lavatory.

Bakit ngayon ko lang napansin na may artistahing pasahero pala akong kasama?

She giggled silently. Makalipas ang ilang minuto ay naramdaman niya ang muling paglapit nito. Pero nahiya na siyang tingalain ang binata. Dalawang linya ng upuan ang layo nito mula sa kanya. Nakaupo rin ito malapit sa pasilyo.

Pagtapat ng isang flight attendant ay humingi siya ng tubig. Nagtaka pa siya nang makapang sobrang bilis ng pintig ng kanyang puso. At bigla ay tuyung-tuyo ang lalamunan niya.

“Attention, all passengers, this is your pilot speaking. Due to the current extreme weather condition, all flights bound for Dublin will be diverted to Cardiff, Wales.”

“What the hell...?”

Hindi napigilan ni Jeremy ang mapamura. Kanina pa sila nakakaramdam ng turbulence, but he didn't think it would be worse. Nagsisimula nang mag-panic ang ibang pasahero pero hindi siya. He was more impatient than alarmed. And a bit bored. Bagot na tinawag niya ang isang flight attendant.

“Why can't we land at Dublin?”

“There's a storm, Sir. The airport has been closed down and all incoming and outgoing flights were cancelled,” magalang na sagot ng babae.

Matapos magpasalamat ay bagot na sumandal siya at sinarili na lang ang nararamdamang inis.

After the turbulent flight, nakapag-landing sila nang ligtas sa Cardiff, Wales. Nearly chaotic ang atmosphere sa arrival area. Maraming iritadong pasaherong nagtatanong sa mga gate agents. Siya man ay nagtanong din ngunit walang konkretong maisagot sa kanya ang ground stewardess dahil depende raw iyon sa lagay ng panahon.

Furious, he walked out of the airport with his baggage.

“Excuse me.” Mahina lang ang tinig na iyon na galing sa petite na babaeng lumapit sa kanya. “Narinig kitang nagtanong sa gate agent. Papunta rin

kasi ako sa Dublin. Ako nga pala si Vivian Perales.” Inilahad nito ang isang palad para makipagkamay.

Tinitigan lang niya iyon. Wala siyang panahong makipag-chit chat sa isang babae, gaano man ito kaganda.

“Okay,” she said with a bit of disappointment. Nanatili ito sa tabi niya. “So, any idea on how we can get to Dublin?” muli ay tanong nito nang hindi tumitingin sa kanya. Dahil mainit ang ulo, bigla niya itong hinarap.

“Look, lady, I don’t want to sound rude, pero wala ako sa mood makipag-usap ngayon. As you can see, I’m pissed.”

Nakataas ang isang kilay na sumulyap ito sa kanya.

“Suplado ka pala,” kaswal nitong ganti. Imbis na patulan ay nilapitan na lamang niya ang unang cab na huminto sa kanilang harapan. Laking gulat niya nang sumakay roon ang babae.

“Ano’ng ginagawa mo? This cab is already taken.”

Nagkibit ito ng balikat saka matamis siyang nginitian.

“Alam ko. Wala naman sigurong masama kung

maki-share ako. Have a heart to your fellow Filipino. Anyway, p'wede namang ikaw muna ang ihatid ng driver sa pupuntahan mo." She patted the seat beside her. "Sakay na. Don't worry, hahatian naman kita sa bayad."

Kung umasta ito ay parang matagal na silang magkakilala. At unti-unti nang nasasagad ang pasensya niya. Sumakay siya at padabog na isinara ang pinto. Napalingingon sa kanila ang driver.

"Is there any problem?" the man asked in his Cardiff English accent.

"No. My boyfriend's naturally grumpy. Just don't mind him." The woman gave the driver a charming smile. The latter smiled back at her and then glared at him.

"Where's that to, Miss?"

Akmang magsasalita si Jeremy pero inunahan siya ng dalaga. "Well, we're trying to get to Dublin but all flights were cancelled due to the storm. Do you know, by any chance, of other travel options?"

Puwede raw silang dalhin nito sa *Central Station* kung saan puwede silang sumakay ng train papuntang Holyhead. May ferry service doon na patungong Dublin. Ngunit hindi nito sigurado kung

may bibiyaheng ferry sa ganoong panahon. Matataas daw kasi ang alon sa dagat kapag ganoong may bagyo.

May kaibigan daw itong may-ari ng isang fishing boat na naka-dock sa malapit lang na pantalan.

“You can ask him.”

“No!”

“Yes!”

Nagkasabay pa sila sa pagsagot ng dalaga. Matalim niya itong tinitigan.

“Are you crazy? Ferry nga hindi nangahas mag-sail sa ganitong panahon, isang fishing boat pa?”

“Where’s your sense of adventure, Prince Charming?”

Sense of adventure, my ass! Hindi niya isusugal ang buhay niya para lang makarating sa Dublin.

“I’m not going,” pinal niyang sabi. “Take us to the nearest hotel.”

Nakita niyang umiling ang driver, pero hindi na ito nagsalita. Ilang minuto lang nang ihinto nito ang taxi sa tapat ng isang maliit na hotel.

Bumaba siya. Bumaba rin ang dalaga. Sumunod ito nang pumasok siya sa lobby ng hotel. Hindi iyon kalakihan. Ni wala nga siyang nakitang porter.

“I need a room.”

“For you and your wife, Sir?”

Nangunot ang noo ng binata. Nilingon niya ang nginitian ng babaeng nakatalaga sa front desk. On cue, lumapit si Vie at yumakap pa sa isang braso niya. Kahit nabigla, hindi niya magawang tabigin ang kamay nito. Napatitig na lamang siya sa mga mata ng dalaga. Mga matang animo nakangiti katulad din ng mapipintog na labi nito.

“We only have a single standard and a deluxe room available,” anang receptionist na nakatutok sa computer.

“We’ll take the deluxe,” sabi ni Vie bago pa siya makapagsalita. Again, pinagtakhan niya kung bakit hindi niya ito sinalungat.

“I need your names, Sir.”

Nakatulala lang siya. Siniko siya ni Vie. “Honey, tinatanong ka niya.”

Ipinilig niya ang ulo at saka pa lang binalingan ang receptionist.

“What names will I list down, Sir?”

“Uhm... it’s Jeremy. Jeremy Jacinto.”

“Mr. and Mrs. Jeremy Jacinto,” ulit nito habang itina-type ang information sa computer. “Will you be staying for just a night?”

“Yes,” sagot niya.

Matapos mag-encode sa computer ay may tinawag ito sa intercom. Lumabas ang isang binatilyo mula sa pintong nasa kaliwa ng reception table. Iniabot ng receptionist ang isang susi rito. Kinuha nito ang maleta ni Vie at iginiya sila sa elevator. Bumaba sila sa third floor. Matapos buksan ng binatilyo ang silid na inarkila nila ay ibinigay na nito kay Jeremy ang susi. Inabutan ito ng tip ni Vie. Napansin niyang namula ang mga pisngi ng binatilyo at nahihiya itong napayuko nang ngitian ito nang matamis ng dalaga.

Ikinandado niya ang pinto pagkalabas ng bellboy.

“So, Jeremy...” Hindi pa rin naglalaho ang ngiti nito.

Jeremy found himself annoyed. Ngayon lang nag-sink in sa utak niya ang ginawa niya kanina sa lobby. Pumayag siyang akalain ng receptionist na mag-asawa sila.

3

“Ako nga pala si Vivian. My friends call me ‘Vie’. Iyon na lang din ang itawag mo sa akin.”

Hindi niya ito pinansin. Instead, he surveyed the whole room. Malaki iyon ngunit hindi kasinglaki ng mga deluxe rooms sa five-star hotels. Malinis naman ang silid at malaki ang kama. May isang living room set na katapat ng floor to ceiling window na natatakpan ng makapal na kurtina. Sa paanan ng kama ay ang thirty-two-inch wall-mounted flat screen TV. May isang maliit na pinto sa kanang bahagi ng silid. It was an ensuite bathroom, may shower stall at isang bathtub.

“Balak mo ba talaga akong hindi pansinin hanggang bukas? Baka mapanisan ka ng laway niyan.”

Matalim itong tinitigan ni Jeremy. And the little vixen still had the guts to smile at him sexily. Napansin na niyang maganda ito kanina, pero noon lang niya napagtuunan ng pansin ang facial features nito. Parang sa manyika ang mabilog na mga mata nito na binagayan pa ng malalantik na pilikmata. Bilugan din ang mukha ng dalaga, matangos ang maliit na

ilong at maumbok ang likas na mamula-mulang labi. She looked familiar, too. Hindi lang niya matandaan kung saan niya unang nakita.

“I’m Vivian.”

“You’ve introduced yourself for the third time.” He heard her soft giggle.

“So you are keeping track,” biro nito.

Umikot ang eyeballs niya. “You should have taken the other room.”

“Why? Mas safe matulog nang may kasama. Besides, inakala ng receptionist na mag-asawa tayo.”

“Hindi mo rin dapat in-encourage ang maling akala niya.”

“Napaka-awkward naman kung itatama ko siya. At saka, mukhang manghang-mangha siya sa atin. She must’ve thought we were a perfect pair.”

Sa inis ay napailing si Jeremy.

“Ayaw mo palang isipin niya na asawa mo ako, bakit hindi ka umimik kanina?”

Hindi niya nagawang sagutin ang tanong nito. Ibinaling ng dalaga ang atensyon sa paghahalungkat sa dalang maleta. Pero wala siyang duda na lihim

siyang pinagtatawanan nito.

“Hindi ka ba natatakot sa akin? O talagang ugali mo nang maki-hitch sa sinumang estrangherong matipuhan mo?”

She eyed him with a pout. “That hurts!” she snapped. Pero wala naman sa tono nito na nasaktan ito sa sinabi niya.

Vie crossed the small distance between them. A whiff of sweet feminine perfume surrounded him. Napaatras siya nang isang hakbang.

Nakapamaywang ito sa harapan niya, small chin tilted defiantly, stubborn eyes stare at him with a challenge. If not for the slight curve of her luscious lips, aakalain niyang galit ito.

“For your information, I don’t hitch with strangers, Mister! You should feel privileged kasi ikaw ang napili kong samahan. Ibig lang sabihin, may tiwala ako sa ’yo.”

Umangat ang isang sulok ng bibig niya.

“Why should I feel privileged? Sino ka ba, anak ng presidente?” patuyang tanong ni Jeremy.

“Hmm... close enough.” Tumalikod ito at binalikan ang ginagawa.

“Seriously, hindi ka ba natatakot na makasama ang isang estrangherong lalaki sa isang kuwarto?”

“Bakit ako matatakot? Filipino ka rin. Wala naman sa hitsura mo na mananakit ng isang walang-labang babae na katulad ko. Besides, you look nice.”

He made a short, cynical laugh. “Serial killers look nice, too.”

“Are you a serial killer?” hamon nito.

Nailing na isinilid niya sa loob ng cabinet ang malaking bag na dala matapos maglabas ng ilang gamit.

“Hindi ko lang maintindihan. Any man will be thrilled to have a woman beside him in bed. Pero hindi iyon ang nakikita ko sa 'yo.”

“I’m not just any man. At hindi naman lahat ng babae ay pinapatulan ko. I don’t crave for sex that much para sunggaban ang kahit sino na lang na nakapalda na makasalubong ko,” he vented. “And it’s not like we’re here to have sex.”

“Hmm... that’s good to hear. My virtue is safe with you. Tama ang kutob kong mapapagkatiwalaan ka, Prince Charming.”

“And why do you keep calling me that? My name

is Jeremy.”

Pigil ni Vie ang bumulalas ng tawa dahil sa iritadong tanong ng binata. He might look like a prince but he certainly was not charming. Hindi nga bagay para rito ang taguring iyon. At ito ang lalaking umagaw sa pansin niya noon sa eroplano.

“Wala lang. Gusto ko lang.”

Nagsalubong ang makakapal na kilay nito. Ni hindi pa niya ito kinakitaan ng genuine na ngiti. Permanente na yatang nakakunot ang noo nito.

“Ako yata ang dapat matakot sa 'yo. Are you a lunatic or something? Saang asylum ka ba nakatakas?”

Napatawa siya. “Kahit pala ganyan ka kasuplado, may sense of humor ka rin.” Nakangiti na muli siyang lumapit dito. Mabagal ang bawat hakbang niya at mapang-akit. Nagdiwang ang loob niya nang makitang gumalaw ang Adam's apple nito. At titig na titig ito sa kanya.

Pagtapat sa binata ay marahan niyang hinagod ng tingin ang kabuuan nito. “I'm not a lunatic, Jeremy,” bulong nito. She gazed at him. A pair of piercing blue-green eyes stared back with interest. His gaze seemed

to penetrate her very soul. Sandali siyang nawala sa sarili. She was only taunting him. She only meant to tease. She tried to keep that in mind.

“I’m just a girl, standing in front of a boy, asking him to...” *I’m not being original.* She tiptoed until her lips were at level with his. Inilapit niya ang mukha sa mukha nito, so close that his warm breath touched her cheeks. She skimmed her bottom lip with her tongue.

“Asking me to what?” parang lasing na tanong nito. Awtomatikong nagbaba ito ng ulo. Pero bago pa maglapat ang mga labi nila ay naitulak na niya palayo ang binata.

“Asking you to loosen up! You’re too serious, too tensed!” she giggled. Bumalik siya sa side niya ng kama. Mukha lang siyang hindi apektado. She had managed to maintain her bubbly tone. Pero ang totoo ay nanginginig ang mga kalamnan niya. Mukhang nabigla siya sa ginawa niyang panunukso.

Kumilos si Jeremy. Nasa tabi na niya ang lalaki sa ilang hakbang lang. Hinawakan nito ang isang braso niya at hinila siya paharap. Sapat ang higit ng kamay nito para iparamdam sa kanya na mas malakas ito kaysa kanya.

“Don’t you ever play that trick on me again. Baka sa susunod, magsisi ka. I may be a gentleman, but I am not a saint.”

Pabigla rin siyang binitiwang nito. Walang imik itong lumabas ng silid at padabog na hinila pasara ang pinto. Napapiksi siya sa ingay na nilikha niyon.

Nakatulalang naupo si Vie sa gilid ng kama. Sa isip ay paulit-ulit niyang pinagalitan ang sarili. Hindi niya talaga dapat ginawa iyon. They barely knew each other. Hindi niya alam ang totoong ugali ng binata maliban sa ipinakita nito sa kanya. At hindi naman talaga siya ganoon kapusok. Ni hindi nga siya lumalapit sa mga lalaking hindi niya kilala. lalo na ang makipaglandian sa mga ito. But with Jeremy, she had completely forgotten all her morals.

She couldn’t deny the attraction. Pero hindi sapat iyon para kalimutan niya ang sariling moral.

Hindi ko na dapat ulitin ang ginawa ko, paalala niya sa sarili. And she owed Jeremy an apology.

Nasa labas lang ng hotel si Jeremy. He needed a dose of fresh air to clear his mind and to calm his raging libido. The lunatic woman accomplished what other women failed to do... arouse him without doing

much of anything.

Damn! He knew she was only teasing him. At nagagalit siya sa sarili dahil hindi niya nagawang kontrolin ang reaksiyon ng katawan. Hinugot niya mula sa inside pocket ng jacket ang kaha ng sigarilyo pati na ang lighter. Nagsindi siya ng isang stick. Paminsan-minsan ay naninigarilyo siya para mawala ang tensyon sa katawan. Katulad na lang ngayon. Tumingala siya at nagbuga ng usok. He watched as the smoke slowly disappeared.

Kung itutuon niya sa ibang bagay ang pansin, baka sakaling makalimutan niya ang dalagang iniwan niya sa kuwarta, the same one he would share a bed with tonight. Lihim na naman siyang napamura.

How could he sleep beside her and still act indifferent? Pagkatapos nitong gisingin ang kamunduhan sa isip niya. Naging sunud-sunod ang hithit niya ng sigarilyo. Walang nagawa ang malamig na panahon para pahupain ang init na nararamdaman niya.

Ano kaya kung lumipat na lang siya ng kuwarta? May isang standard room pa namang bakante. Pero ang alam sa reception ay mag-asawa sila ni Vie. Puwede niyang itama ang maling akala ng receptionist. Hindi naman malaking problema iyon.

He was slightly relieved. Tama! Iyon na nga lang ang gagawin niya. Lilipat siya ng kuwarto at pagkatapos...

He needed a cold shower, a freezing one!

Papasok na siya sa lobby nang makasalubong niya si Vie. Alanganin ang ngiti nito.

“Tungkol kanina, sorry, ha?” mahinang sabi nito. Wala itong suot na jacket. The air wasn’t freezing but cold enough. Nayakap nito ang sarili nang umihip ang hangin.

“Pumasok ka na. Maginaw dito, baka magkasakit ka.”

Tumango ito. “Ikaw? H-hindi ka pa ba papasok?”

Itinaas niya ang nangangalahating stick ng sigarilyo. “Uubusin ko lang ito.”

Tipid itong ngumiti at tumalikod na.

“Vie...” tawag niya. Lumingon ang babae. “Ikaw na lang ang mag-occupy ng room. Lilipat ako sa ibang kuwarto.”

A flicker of disappointment crossed her eyes followed by a brief flash of guilt. Hindi ito nagsalita at nauna nang pumasok.

Nagpalipas pa siya ng limang minuto bago pumasok sa lobby. Kinausap niya ang receptionist.

“What do you mean it has already been taken?”

“Uhm... your wife... I mean, Miss Perales explained to me that there has been some misunderstanding. Pardon me, Sir. I really thought she was your wife.” Alanganin itong ngumiti. “You look good together, and well, I just assumed. I’m sorry for embarrassing you both.”

“It’s okay. Was she the one who took the standard room?”

Tumango ito. Nang hingin niya ang room number ni Vie ay hindi ito nagdalawang-isip na ibigay iyon sa kanya. Nagpasalamat siya sa babae at umakyat na.

Wala na nga ang maleta ni Vie sa ibabaw ng kama. Bumaba siya sa second floor at hinanap ang room number nito. Kumatok siya pagtapat sa pinto.

“Ano’ng ginagawa mo dito?” tanong kaagad niya sa nagulat na dalaga.

“Nakakahiya namang ikaw pa ang matulog dito samantalang ako ang may kasalanan. Doon ka na lang sa itaas. Mas magiging komportable ka doon.” Wala sa tono nito na nagpapaawa.

Dapat ay mapalagay na si Jeremy dahil ang babae na ang kusang lumalayo. Oddly, siya naman itong hindi makatiis na hindi lumapit. Lumabas ang dalaga na may suot nang jacket.

“Saan ka pupunta?”

“May sasabihin ka pa ba? Nagugutom na kasi ako. Balak kong kumain d’un sa restaurant na itinuro ni Mauve, ’yung receptionist,” dugtong nito nang makita ang pagtatanong sa kanyang mga mata.

“You’re going out alone?”

Malakas ang hangin at umaambon sa labas. Plus, mag-a-alas nueve na ng gabi.

“Malapit lang ’yung restaurant dito. At saka itinuro ni Mauve kung paano pumunta doon. Maaga pa ang alas nueve para sa mga tao dito.”

Kahit pa. Babae si Vie at maganda. Bukod pa sa ibang lahi ito. Baka mapagtripan ito ng kung sinong tao.

“Sige, baba muna ako. Kita na lang tayo bukas bago ka umalis.” Nilagpasan siya ng dalaga.

Hindi rin siya nakatiis, sinundan niya ito. Nagulat pa ito nang hawakan niya ang isang kamay nito.

Somewhere In Ireland - Doreen Laroya

“Sasama ako. Nagugutom na rin ako,” simpleng sabi ni Jeremy.

Nangunot ang noo ng receptionist nang makita silang magka-holding hands na lumabas ng elevator.